



Handa na para sa Pagreretiro Fact Sheet Para

sa mga Manggagawang Nasa Edad 49 - 60

www.ssa.gov



Ang pagreretiro ay iba-iba para sa bawat tao

Ang pagreretiro ay may iba't ibang kahulugan para sa iba't ibang tao. Dahil hindi one-size-fits-all ang pagreretiro, gusto naming ibigay sa iyo ang impormasyong kailangan mo para magplano sa pagreretiro at gumawa ng mga pinag-aralang desisyon.

Mahalaga ang mga kita

Ginagamit ang iyong mga kita upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo ng Social Security at ang halaga ng iyong benepisyo. Gamitin ang Social Security Statement mo para tingnan ang iyong mga kita bawat taon. Kung makakakita ka ng error sa rekord ng iyong mga kita, iulat ito sa amin. Alamin kung paano sa www.ssa.gov/pubs/EN-05-10081.pdf (sa English lang).

Mga pagpipilian sa pagreretiro	Magpatuloy sa pagtatrabaho	Tumigil sa pagtatrabaho
Mga benepisyo sa pag-claim	Opsyon A	Opsyon B
Huwag mag-claim ng mga benepisyo	Opsyon C	Opsyon D

Hindi magtatagal, kailanganin mo nang magpasya

Kapag naging 62 taong gulang ka na, kailangan mo nang gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa trabaho at iyong mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security. Maaari kang magpatuloy sa pagtatrabaho, mag-apply para sa mga benepisyo, gawin pareho, o hindi gawin ang alinman sa mga nabanggit. Ang bawat pasya ay may mahahalagang kailangang isaalang-alang para sa iyo at sa iyong pamilya. Alamin ang tungkol sa mga ito sa www.ssa.gov/benefits/retirement/matrix.html (sa English lang).

Matatanggap ang mga benepisyo habang buhay ka

Matatanggap mo ang iyong mga benepisyo habang nabubuhay ka. Ang iyong ganap na edad sa pagreretiro ay 67. Kung kukunin mo ang mga benepisyo bago ang iyong ganap na edad ng pagreretiro (mula sa edad na 62), bababa ang halagang makukuha mo bawat buwan para sa natitirang bahagi ng iyong buhay. Kung kukunin mo ang mga benepisyo paglipas pa ng iyong ganap na edad ng pagreretiro (hanggang sa edad na 70), lalaki ang buwanang halaga para sa natitirang bahagi ng iyong buhay. Makakapagbigay ang aming Life Expectancy Calculator ng pagtatantya sa kung gaano ka katagal maaaring mabuhay batay sa iyong edad at kasarian: www.ssa.gov/planners/lifeexpectancy.html (sa English lang).

Nagtatrabaho habang tumatanggap ng mga benepisyo

Kung nakakakuha ka ng mga benepisyo sa pagreretiro pero gusto mong magpatuloy sa pagtatrabaho, puwede mo iyang gawin. Pero, depende sa kung magkano ang kinikita mo bago ang ganap na edad ng pagreretiro, maaaring pansamantala naming i-withhold ang ilan o lahat ng halaga ng iyong benepisyo. Kapag naabot mo na ang ganap na edad ng pagreretiro, muli naming kakalkulahin ang halaga ng iyong benepisyo para bigyan ka ng credit para sa mga buwan kung saan binawasan o na-withhold namin ang mga benepisyo dahil sa iyong sobrang kita. Hindi mababawasan ang iyong mga benepisyo dahil sa mga kinikita mo pagkatapos mong maabot ang iyong ganap na edad ng pagreretiro. Matuto pa sa **www.ssa.gov/pubs/EN-05-10069.pdf** (sa English lang).

Maaaring mapalaki ng pagtatrabaho ang iyong mga benepisyo

Puwedeng mapataas ng iyong mga kita ang iyong buwanang halaga ng benepisyo — kahit na pagkatapos mong simulang tumanggap ng mga benepisyo. Bawat taon, sinusuri namin ang iyong rekord ng mga kita. Kung ang iyong kita sa pinakahuling taon ay nagkataong isa sa pinakamalaki mong kinita sa loob ng 35 taon, awtomatiko naming kakalkulahin ang halaga ng iyong benepisyo at babayaran ka namin ng anumang pagtaas na dapat naming bayaran. Puwede kang makakuha ng karagdagang pagtatantya batay sa kung ano sa tingin mo ang iyong magiging kita sa hinaharap gamit ang my Social Security Retirement Calculator sa **myaccount.ssa.gov** (sa English lang).

May sinisingil na buwis sa ilang benepisyo

Posibleng kakailanganin mong magbayad ng mga federal income tax sa isang bahagi ng iyong mga benepisyo sa Social Security kung ang kabuuang kita mo ay higit sa isang partikular na halaga. Alamin pa sa **www.ssa.gov/planners/taxes.html** (sa English lang).

Pag-iipon para sa pagreretiro

Hindi layunin ng Social Security na maging ang tanging mapagkukunan mo ng kita sa pagreretiro. Malamang na kakailanganin mo ng iba pang ipon, pamumuhunan, pensyon, o retirement account para mamuhay nang kumportable sa pagreretiro. Sa average, papalitan ng Social Security ang humigit-kumulang 40% ng iyong taunang kita bago magretiro, bagama't maaaring mag-iba ito batay sa iyong mga kalagayan. Maraming paraan para makaipon para sa pagreretiro. Narito ang ilang bagay na dapat isaalang-alang:

- Magbigay sa mga retirement account tulad ng mga 401(k) at Individual Retirement Account (IRA).
- Samantalahin ang mga “catch-up” na panuntunan na nagbibigay-daan sa mga manggagawang edad 50 pataas na magbigay ng karagdagang halaga taon-taon sa 401(k) at IRA.
- Tandaan na kung mag-withdraw ka mula sa o mag-cash out ng iyong 401(k) o IRA bago ang edad 59½, karaniwan kang magbabayad ng maagang penalty sa pag-withdraw.

Alamin pa kung paano mag-iipon sa **www.savingmatters.dol.gov/employees.htm#7** (sa English lang).

Nariyan ang Social Security kapag nagreretiro ka na

Ang mga binabayaran mong buwis sa Social Security ay napupunta sa Social Security Trust Funds na ginagamit para bayaran ang mga benepisyo sa mga kasalukuyang benepisyaryo. Tinatantya ng Social Security Board of Trustees na, batay sa kasalukuyang batas, mababayaran ng Trust Funds ang mga benepisyo nang buo at sa tamang oras hanggang 2034. Sa 2034, makapagbayad pa rin ang Social Security ng humigit-kumulang \$810 para sa bawat \$1,000 sa mga nakaiskedyul na benepisyo. Alamin pa sa **www.ssa.gov/people/materials/pdfs/EN-05-10229.pdf** (sa English lang).

Hindi makakapagtrabaho dahil sa kapansanan sa pag-iisip o pisikal na kapansanan

Ang isang kapansanan ay maaaring mangyari sa anumang edad. Kung hindi ka makakapagtrabaho sa isang partikular na antas ng kita dahil sa isang kapansanan sa pag-iisip o pisikal na kapansanan, at kung natutugunan mo ang ilang kinakailangan sa pagiging kwalipikado, maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security. Alamin pa ang tungkol sa mga benepisyo sa kapansanan sa **www.ssa.gov/disability** (sa English lang). **www.ssa.gov/disability** Ang programa ng Supplemental Security Income (SSI) ay nagbabayad ng mga benepisyo sa mga nasa hustong gulang at batang may mga kapansanan na may limitadong kita at mga mapagkukunan. Alamin pa ang tungkol sa **ssa.gov/benefits/ssi** (sa English lang).

Mga benepisyo para sa mga miyembro ng pamilya

Ang iyong pamilya, pati na ang iyong asawa, dating asawa, at mga dependent na anak, ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa iyong rekord. Alamin ang higit pa tungkol sa mga benepisyo para sa iyong pamilya sa **www.ssa.gov/benefits/retirement/planner/applying7.html** (sa English lang).

Puwede ring maging kwalipikado ang iyong pamilya para sa mga benepisyo para sa mga nabubuhay na kapamilya (survivors benefits). Kung ikaw ang asawa na may mas malaking kita, ang iyong desisyon kung kailan mo kukunin ang mga benepisyo ay maaaring makaapekto sa mga benepisyo ng iyong nabubuhay na asawa. Alamin ang higit pa tungkol sa mga benepisyo ng mga nabubuhay na kapamilya sa **www.ssa.gov/planners/survivors** (sa English lang).

Mga benepisyo bilang isang asawa

Kung ikaw ay may asawa, diborsyado, o balo, maaari kang maging kwalipikado para sa mas mataas na mga benepisyo sa rekord ng iyong asawa. Kapag nag-apply ka para sa alinman sa mga benepisyo ng pagreretiro o ng asawa, maaaring kakailanganin mong mag-apply para sa parehong benepisyo nang sabay-sabay. Alamin pa sa **www.ssa.gov/pubs/EN-05-10035.pdf** (sa English lang).

Nandito kami para sa iyo

Sinasaklaw ng Social Security ang humigit-kumulang 96% ng manggagawang American. Para alamin pa ang tungkol sa Social Security, bisitahin ang **www.ssa.gov** (sa English lang).



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration

Publication No. 05-10707-TL | July 2025

Handa na para sa PagreretiroFact Sheet Para sa mga Manggagawang Nasa Edad 49 – 60

Retirement Ready Fact Sheet For Workers Ages 49 – 60 (Tagalog)

Produced and published at U.S. taxpayer expense

Ginawa at inilathala gamit ang perang galing sa buwis sa U.S.

English is the official language and authoritative version of all federal information.